

1

“Nay, hindi ho ba kayo napapagod sa araw-araw na pagpunta sa simbahan?” tanong niya sa ina nang makauwi ito.

Natawa si Aling Alicia. “Bakit mo naitanong, Anak?”

“Kasi kung makapagsimba kayo, parang isang tonelada ho ang kasalanan ninyo.” Sanay na si Annabel sa araw-araw na pagsisimba nito nang mag-isa. Maliban sa tatay niya noong nabubuhay pa ito at sa kanilang magkakapatid ay madalang niyang makitang nakikipag-usap ang ina sa ibang tao.

Muling itong tumawa bago nagsalita, “Sabado ngayon, hindi ba?”

“Opo.”

“Kung gayon ay bakit nakabihis ka?” Maagang nauubos ang paninda nilang gulay tuwing Sabado kaya kalimitan siyang pumupunta sa batis para mag-picnic kasama ang mga kapatid.

“Sasamahan ko ho si Lenlen sa bayan. Bibili raw siya ng mga kandila para sa libing ni Don Amado.”

Biglang nagkaroon ng lambong sa mukha ng kanyang ina. “Namatay na nga pala ang matandang Armendariz.”

“Ayaw n’yo ho noon?” sabi ni Annabel habang tinitingnan

ang sarili sa salamin. “Wala nang manyak dito sa Valladolid?”

“Annabel!” babala ng biyuda. “Maghinay-hinay ka sa pananalita mo at baka may makarinig sa iyo.”

“Totoo po ang sinasabi ko. Ang ikinalulungkot ko lang ay mukhang ang pamangkin niyang si Roman ang susunod sa mga yapak niya ngayong wala na siya.”

“Kahit na magkaganoon ay malaki pa rin ang utang-na-loob natin sa mga Armendariz,” sabi nito. “Ultimo ang perang ginamit namin sa pagpapaaral sa inyong magkakapatid ay galing sa kanila.”

“Kaya nga ho ako huminto sa pag-aaral sa kolehiyo para hindi na madagdagan ang pagkakautang natin sa kanila.”

“Anak, may nagawa man silang mali ay lubha pa ring matulungin ang angkang iyon,” paliwanag ng ina. “Nang magkasakit ang Lola Karing mo noon ay sila ang sumagot sa lahat ng bayarin sa ospital.”

“Hindi ho sila nagbibigay nang walang kapalit, ‘Nay.’” Naglagay siya ng kaunting pulbos sa mukha at nang masiyahan ay inilugay ni Annabel ang mahaba at alun-along buhok na ilang pulgada na lamang ay aabot na sa kanyang baywang.

Malungkot siyang tiningnan ni Aling Alicia. “Hindi pa rin ba nagbabago ang pagtingin mo sa pamilyang iyon, Anak?”

“Hindi na ho magbabago iyon matapos ng ginawa nila sa

inyo,” sagot niya, sabay mano rito. “Aalis na po ako.”

“S-sige,” sabi na lamang ng ina. “Mag-iingat kayo.”

“Iyan ba ang sinasabi nilang tagapagmana ni Don Amado Armendariz?” Palihim siyang sinulyapan ng kaibigang si Lenlen.

Tila nanindig ang balahibo ni Annabel nang marinig ang sinabi nito. “Saan?” tanong niya, sabay marahas na lumingon. Lihim na ngumiti ito.

“Ayan, o, bumibili rin ng kandila kina Aling Loring.” Itinuro nito sa kanya ang tinutukoy. “Sayang nga at hindi tayo nagkasabay kanina,” dugtong pa nito, sabay pitik ng mga daliri.

“N-ngayon mo lamang ba siya nakita?” sabi niya na hindi makatingin nang tuwid dito.

“Dalawang taon pa lang mula nang lumipat kami rito, ano ka ba?” Mahina nitong tinapik ang braso niya.

“Oo nga pala,” aniya na tila may naalala.

“Totoo kaya ang sinasabi nila na mukha siyang prinsipse sa malapitan?” wala sa loob na tanong ni Lenlen. “Naku! Excited na talaga akong makilala siya sa lamay mamayang gabi. Kapag naipakilala kami ay hahalikan ko talaga siya kahit nasa harap kami ng kabaong!”

“Ikaw talaga,” saway ni Annabel. “Mahiya ka nga sa patay.”

“Akala ko ba ay hindi mo gusto si Don Amado? ‘Tapos ngayon ay sasabihin mo na mahiya ako sa kanya,” pananantya ng kaibigan. “If I know, gusto mo ring makipaghalikan diyan sa guwapo niyang anak.”

“Baliw!” Palihim uli niyang tiningnan ang nakatalikod na binata. Nakasuot ito ng puting t-shirt sa loob ng polong nakabukas sa harapan. Sa malayuan ay halos wala itong pinag-iba sa lalaking ipinagtabuyan niya tatlong taon na ang nakararaan. Nagiging tampulan pa rin ito ng tingin kahit saan ito magpunta.

“Maraming salamat ho, Aling Loring,” narinig niyang sabi ng binata. Kahit hindi niya nakikita ang mukha nito ay alam niyang nakangiti ito. Mataas na lalaki ito kaya hindi nito maiwasang yumuko habang nakikipag-usap sa may-ari ng tindahan.

“Walang anuman, Hijo,” sabi ng matanda. “Kaming lahat rito ay nakikiramay sa iyo. Kung may iba ka pang kakailanganin ay magpasabi ka lang.”

“Sige ho.” Ngumiti ito bago nagpaalam. “Magkita na lamang tayo sa bahay mamayang gabi.”

“Halika!” yaya ni Lenlen sa kanya nang makitang umalis na ang lalaki. “Makiusyoso tayo sa kanila.”

Hila-hila nito sa kamay si Annabel habang patungo sa tindahan.

“Aling Loring! Aling Loring!” tawag nito sa matanda na

noon ay nakikipag-umpukan na rin sa kababaihang naroroon. “Magkuwento naman ho kayo tungkol sa guwapong iyon.”

“Naku! Si Juan Carlos, kahit ilang taon na ang nakalipas ay que bait-bait pa rin,” magiliw na turan nito. “Ni minsan ay hindi ko nakitang nag-astang mayaman ang batang iyan. Kahit pa sabihing halos walumpong porsyento nitong bayan ng Valladolid ay kanila na.”

“Single pa rin ho ba siya, Aling Loring?” tila kilig na kilig na tanong ng isa sa mga dalagang may curlers pa sa ulo.

“Sa pagkakaalam ko ay wala pa siyang asawa,” sagot ng matanda. “Pero kung meron man, aba’y napakasuwerte ng babaeng iyon!”

“Eh, may anak kaya siya sa pagkabinata, Aling Loring?” tanong ni Lenlen.

“Ay, wala, wala!” mabilis na sabi nito. “Sinasabi ko sa inyo, kailanman ay hindi magkakaroon ng bastardo ang mga Armendariz.”

“Bakit naman po? Magaling ho ba silang mag-family planning?”

Biglang natigilan ang matandang babae. “Aba’y napakatsismosa mong bata ka! Huwag ka ngang makialam sa usapang matanda at baka mapaso ka!” malakas na tugon nito. “Que bata-bata mo pa ay kung anu-ano na ang pumapasok diyan

sa utak mo.”

Kinamot ni Lenlen ang ulo. “Nagtatanong lang naman—”

“Lenlen, umuwi na nga tayo,” yakag ni Annabel sa kaibigan bago pa man nito matapos ang sasabihin. “Halika na.”

“Bakit bigla na lang nagalit ang matabang iyon?” pabulong na tanong nito.

“Sinabi na kasing umuwi na tayo, eh,” ganting bulong niya.

“Annabel, ikaw na ba iyan?” pahabol na tanong sa kanya ng matandang babae kahit nakatalikod na sila.

Lumingon siya at ngumiti na tila nahihiya. “A-ako nga po Aling Loring.”

“Aba’y pagkaganda-ganda mo nang bata ka!” puri nito. “Ano ba ang kinakain mo na iba sa kinakain namin at kahit na bilad sa araw ay napakakinis mo pa rin?”

“Sinabi mo pa, Aling Loring,” bulong dito ng dalagitang naka-curlers.

Alanganin siyang ngumiti. “Salamat ho.” May kinuha siyang botelya mula sa mga lalagyan ng paninda at ibinigay iyon sa matanda. “Ito ho ang ginagamit kong lotion. Ipahid ninyo tatlong beses isang araw at tiyak na puputi kayo.”

“Ganoon ba?” sabi nito habang binabasa ang nakasulat sa botelya.

“Siya rin ba iyong niligawan ng anak ng may-ari ng gasolinahan dito sa bayan? Si Hans Ledesma?” naulinigan niyang tanong ng isa sa mga babae.

“Malamang,” bulong ng kausap nito.

“Aalis na po kami at marami pa kaming bibilhin,” paalam niya kay Aling Loring para makaiwas sa mga tsismosang naglipana sa bayang iyon.

“Aba’y teka!” pigil sa kanya ng tindera. “Kanina lamang ay nandito si—”

“Sige ho!” Buong pagmamadali niyang hinatak ang kaibigan. “Ikaw kasi kung anu-ano pa ang pinagsasasabi mo doon sa matanda,” paninita niya kay Lenlen.

“Malay ko bang magagalit siya sa tanong ko,” anito. “Siyanga pala, sa makalawa na ang balik ko papuntang Maynila.”

“Alam ko,” malungkot na sabi ni Annabel. “Kaya nga sinamahan kita buong araw. Matatagalan ba ang balik mo?”

“Depende,” kibit-balikat nito. “Kailangan ko kasing maghanap ng trabaho para maiahon ko sa hirap sina Papang.”

“Hindi naman kayo nagugutom dito, hindi ba?” Sumulyap siya sa direksyong tinahak ng binata, pero wala na ito roon.

“Siyempre iba pa rin kung makakakain ng ice cream ang mga kapatid ko kahit isang beses sa isang linggo.” Humagikgik

ito. Masayahing tao si Lenlen sa kabila ng maraming problemang dumarating dito.

“Kung iyan talaga ang gusto mo ay susuportahan kita.”

“Grabe! Naiyak naman ako doon, friend,” tugon nito, sabay tampal sa braso niya.

Ngumiti si Annabel. “Basta’t mag-iingat ka lang doon.”

“Ikaw ’ika mo ang mag-iingat kay Roman,” inis na sabi nito. “Halos mag-iisang taon pa lang mula nang dumating ang sampid na iyon dito, pero akala mo ay kanya na ang buong hacienda.”

Hindi kaila sa kanya ang kalupitan ni Roman lalo na sa mga tauhan ng hacienda pati na rin ang kabastusan nito sa mga babae. Kung hindi latigo ay maaanghang na salita ang nakukuha ng mga tao mula sa palalong lalaki.

“Hindi naman siguro niya uulitin ang ginawa niya,” aniya habang inaalala ang minsang pagharang nito sa kanya sa daan. Mabuti na lamang at tinulungan siya ng ilang magsasakang naroroon. Kung wala ang mga ito ay tuluyan na sana siyang napahamak.

“Naku! Naku! Mukhang malaki talaga ang pagnanasa sa iyo ng isang iyon! Ano ba naman kasi at ipinanganak kang ganyan kahaba ang buhok.”

Napangiti siya sa sinabi nito. “Ikaw talaga, puro ka kalokohan.”

“Totoo ang sinasabi ko, Bruha! Magkakalakas-loob ka ba namang ayawan ang lalaking ganoon kayaman, ganoon kaguwapo, ganoon kakisig at ganoon ka-in love sa iyo kung—”

“Lenlen!”

“O, bakit parang windang na windang ka?” natatawang saad nito. “Akala mo hindi ko alam, ano! Kalat na kalat po sa buong hacienda ang kuwento ninyo ni Juan Carlos Armendariz!”

Hindi sumagot si Annabel kaya nagpatuloy ito sa pagsasalita.

“Hay! Ubod naman pala ng guwapo ang mamang iyon. Isipin mo na lang kung iyon ang magiging ama ng mga anak mo, Annabel,” anitong tila nangangarap. “Ang lulusog siguro at ang guguwapo ng mga pamangkin ko.”

“Hinaan mo ang boses mo at baka may makarinig,” pabulong na saway niya, sabay kurot sa balikat ng kaibigan.

“Eh, bakit nga kasi tinanggihan mo siya? Nasa mga palad mo na ang pinapangarap ng maraming kababaihan dito sa Negros Occidental pero pinakawalan mo pa.”

Bahagya siyang yumuko at umiwas ng tingin. “M-may mabigat akong dahilan kaya ginawa ko iyon.”

Umirap ito. “Magkuwento ka at nakikinig na ang dalawang tenga ko.”

Magsasalita na sana siya nang may makita siyang matandang

kumakaway mula sa di-kalayuan. “Si Tata Pedring ba iyon?”

“Saan?” tanong ni Lenlen. Sabay silang tumingin sa direksyong itinuro niya. “Si Tata Pedring nga!” nasisiyahang sabi nito. “Halika puntahan natin at baka may ipinasasabi si Papang.”

“Magandang hapon sa inyong dalawa, Lenlen, Annabel,” sabi ng matanda, sabay alis ng sombrero ng suot. “Nandito rin pala kayo sa bayan.”

“Wow! Ang gara naman ng kotse ninyo, Tata Pedring,” tukoy ni Lenlen sa kumikinang na *Mercedes Benz* sa likuran ng matanda.

“Kadarating lang kasi ni Señorito Juan Carlos ngayong araw,” sabi nito. “Nagkita na ba kayo ng amo ko, Annabel?”

“Hindi pa ho, Tata Pedring,” tugon ng isang tinig sa kanyang likuran. “Annabel,” malamig na bati nito sa kanya.

“Carlo,” malamig ding sabi niya na hindi man lang tumitingin dito.

Sa pagkamangha ng dalawa nilang kasama ay hinarap siya ng binata na tila silang dalawa lamang ang tao sa mundo.

“Siguro naman ngayon ay masaya ka na at wala na ang taong kinasusuklaman mo,” pahayag nito na may halong panunumbat.

“Mali ka,” pagtatama niya. “May isa pang natitira. Dalawa kung isasama ko sa listahan ang pinsan mong si Roman!”

Nakipagsukatan siya ng tingin dito.

“Hindi ka na nagbago,” komento nito na tila hindi naninibago sa tono ng pananalita niya. “Suplada ka pa rin.” Isinuksok nito ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng maong jeans na suot at saglit tumingin sa malayo.

“At ikaw ang totoong mabait, ganoon?” mataray na sabi niya.

“Wala akong sinasabing ganyan.”

Sa lahat ng ito ay tahimik lang na nakamasid si Tata Pedring na tila ba sanay na sa nakikitang tagpo.

“Uhm... excuse me, ako pala si Lenlen.” Inilahad ni Lenlen ang kamay para putulin ang tensyong namamagitan sa kanilang dalawa ng binata. “Kaibigan ako ni Annabel. Kalilipat lang namin dito kaya ngayon lang tayo nagkita.”

“Hello.” Tipid na ngumiti si Carlo bago muling ibinalik ang tingin sa kanya.

“Condolence nga pala,” sabi uli ng kanyang kaibigan. Matamlay na tumango ang lalaki.

Saglit na katahimikan ang namayani sa apat na taong nakatayo sa tabi ng magarang sasakyan.

“Pasensya ka na dito sa kaibigan ko at medyo napagod lang siguro sa kabibitbit nito buong maghapon.” Itinuro ni Lenlen ang mga dala nilang bayong.

“Huwag kang mag-alala at sanay na ako. Warfreak talaga

iyang kaibigan mo kahit hindi pagod,” sabi ng binata, sabay alis sa harapan niya.

“Aba’t...!” bulalas ni Annabel.

“Ikaw na ang bahalang maghatid sa kanila, Tata Pedring. Balikan mo na lamang ako mamaya at marami pa akong aasikasuhin,” bilin nito sa matandang lalaki bago lumayo.

“Ate! Ate!” Hindi pa man siya nakakatapak sa kanilang bakuran ay narinig na ni Annabel ang sigaw ng kapatid na si Lourdes. Nasa likuran nito ang kakambal nitong si Rolando na mas mahinhin pa kung kumilos kaysa sa kanilang dalawa.

Matanda si Annabel ng halos limang taon sa mga ito. “Bakit, ano’ng nangyari? May nasunugan ba at para kang pusang hindi makapanganak?” usisa niya nang makapasok na siya sa kanilang bakuran.

“Hulaan mo kung sino ang nakita namin kanina,” excited na sabi ng kapatid.

“Sino?” tanong niya kahit halos alam na niya kung sino ang tinutukoy nito.

“Sabihin mo na, Lourdes,” udyok ni Lando.

“Si Kuya Carlo!” tili ng dalagita.

“Mas gumuwapo siya nang tatlong beses, Ate,” tila kinikilig

na komento ng kakambal nito. “Kulang na lang himatayin ako kanina!”

“Natawa nga siya nang malamang naging binabae itong si Lando,” magiliw na sabi ni Lourdes, sabay siko sa kakambal. “Mabuti raw at ito ang naalala niyang bilhin para sa amin.”

“Tingnan mo at may pangalan ko pa,” saad ni Lando habang ipinapakita sa kanya ang isang supot ng tsokolate.

“May good news at bad news pala kami, Ate. Ano ang gusto mong unahin namin?” pagkuwan ay tanong sa kanya ni Lourdes.

“Bad news!” Si Lando ang sumagot.

“Good news na ang unahin natin, ano ka ba?” Hinarap uli siya ni Lourdes. “Guess kung ano’ng sinabi nang tanungin namin kung may pasalubong din siya sa iyo?”

“Hay naku! Ayoko ng guessing game, ha! Sabihin n’yo na,” tugon ni Annabel.

“Meron daw!” Nagyakap pa ang dalawa habang tumitili.

Napapantastikuhang pinagmasdan lamang niya ang mga ito.

“Tinanong na rin namin kung may plano siyang ligawan ka uli,” pagkuwan ay sabi ni Lando.

“Ang isinagot niya ay baka raw magalit ang girlfriend niya,” ani Lourdes.

Mahal Kong Alipin - Satine Ortega

“Nalungkot tuloy kami.” Sabay na nalaglag ang mga balikat ng kambal habang nagkukuwento.

“Kayo talaga, ang kukulit ninyo,” saway niya. “Hayaan n’yo na nga siya at baka diyan siya masaya.”

“Hindi lang kasi kami sanay na iba na ang mahal ni Kuya Carlo,” ani Lourdes.

Natigilan si Annabel sa sinabi ng kapatid na babae. Sa kabila ng lahat ay may isang bahagi ng puso niya na iyon din ang nararamdaman.

“Annabel!” mayamaya ay tawag sa kanya ng ina mula sa nakabukas na pinto. “Kanina ka pa hinihintay nitong anak ni Kadyo. Nagtatanong kung p’wede raw umakyat ng ligaw.”